

FROM **ZERO** TO **LOGO**

A COMPREHENSIVE GUIDE
SA LOGO DESIGN

ELSINORE MIRANDA
GRAPHIC DESIGNER

From Zero to Logo
by Elsinore Miranda

Copyright©2021 by Elsinore Miranda

All rights reserved.

No parts of this publication may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means electronic, mechanical photocopying, recording or otherwise without written permission from the author.

AUTHOR: **Elsinore Miranda**
EDITOR: **Elsinore Miranda**
BOOK LAYOUT: **Elsinore Miranda**

Published by:
Elsinore Miranda din

Printed by JMD Copy and Prints, in the Philippines

TABLE NG CONTENTS

Introduction	6
--------------------	---

CHAPTER 1: THE BASICS

What is a logo?	7
What makes a good logo?	8
What makes a bad logo?	13
Paano matutunan ang logo design?	17
- Posible ba na maging creative ako?	17
- Pwede ba kahit hindi marunung magdrawing?	18
- Wala akong eye for design/aesthetic sense?	18
Mga tools na kailangan gamitin (adobe illustrator)	19
- Pen Tool	20
- Shape Builder Tool	21
- Scissors Tool	23
- Rotate Tool	24
- Live Corner Widget	27
- Smooth Tool	28
- Shear Tool	29
- Width Tool	29
Ano ang negative space sa logo design?	29
- Negative at Positive Space na may object	31
- Negative Space na walang object na nabubuo	35
- Hierarchy ng positive at negative space	36
Simple way to create logos from shapes	39
Simple way to create logos from letters	44
Golden Ratio vs Optical Adjustment	50
- How to use golden ratio	51
- Optical Adjustment	56
Create logos from photo references	62
- Using Fills as a starting point	65
- Using Lines and Fills	67

CHAPTER 02: THE CREATION

Creating the logo for Monkey See Monkey Do	78
Sketching Stage	81
Narrowing down a logo design brief from start to finish	92
Questionnaire Breakdown	94
Logo Process Funnel	99
Moodboard	101
Sketching Ideas	102
Simplify pa more	108
Simplifiest	110

The transformation	111
Typography in Logo	114
Typography Psychology	115
Choosing a Font & Sizing	122
Color Psychology for Logo Design	126
Choosing Primary & Secondary Colors	133
How to build a color scheme	136

CHAPTER 03: TYPES OF LOGOS

Different Types of Logos	138
Brand Mark / Pictorial Mark	138
Wordmark	141
- Iba't ibang approach sa paggawa ng wordmark.	142
Keys for creating a wordmark	148
Monograms/Lettermark	150
Methods on how to make monogram	154
- Overlapping and cutting.	154
- Extending and combining.	157
- Overlapping Effect.	159
- Converting Letters to Line Art	160
- Gradient Treatment	162
Abstract Logo Mark	163
Combination Mark	168
- How to make combination mark.	172
Emblems	176
- How to create an emblem	178
Mascot Logos	184
- How to create a mascot logo	185
How to create Esports Logo	193
- Qualities of Esports Logos.	194
Personalities/Character of Logos	198
Mga Levels ng Logo Design	212
Analyzing some logo designs	217
Paano magimprove sa logo design	219
We talkin bout practice	221

CHAPTER

01

the.
basics

INTRODUCTION

Hellow and welcome sa Panimulang guide sa Logo Design, kung saan tuturuan ko kayu kung paano gumawa ng logo. Sa libro na ito icover natin ang logomark, wordmark, emblem, esports logo, mascot, icon, abstract/gradient type, combination mark, monogram, atbp. Pwede ito sa zero knowledge, entry levels, at mid levels.

WHAT IS A LOGO?

Syempre idefine muna natin kung ano ba talaga ang logo at kung ano ang importansya nito sa isang business? Ito ang mga lalabas na results pag tynpe mo ito sa google.

a symbol or other design adopted by an organization to identify its products, uniform, vehicles, etc.

A Logo is a design symbolizing ones organization. ... Logotype is a graphic representation or symbol of a company name, trademark, abbreviation, etc., often uniquely designed for ready recognition. You may also think of a Logo as a simple visual mark to identify your company product or service.

Para sa akin, Ang logo ay mahalaga sa business, dahil parang ito yung muka ng business mo kumbaga ito ung unang magiging impression ng tao sayu na pag nakita nila na maganda at professional ung logo mo, Dun nila makikita na professional ka talaga sa business mo. Parang ito yung nagrerepresent ng business mo, dito mo rin sinasabi sa mga tao kung anong klaseng business ka, syempre kung corporate ang kumpanya dapat corporate at malinis din ang logo mo, kumbaga ineenforce mo ung message or values ng company mo, visually, thru colors at typography.

“Hindi kailangan idescribe ng logo kung ano ang nature ng business mo, kundi dapat iidentify nya yung business sa paraan na madali marecognize at madami maalala. Ibig sabihin logo is more on identification rather than communication.”

PAANO MATUTUNAN ANG LOGO DESIGN?

Pagusapan muna natin kung paano mo matutunan ang logo design? or kung posible ba talaga na maituro ang logo design lalo na sa isang tao na zero knowledge talaga tungkol dito. Una paano matutunan ang logo design, pwede ba ito kahit hindi ka creative? kailangan ba marunung ka magdrawing or may natural talent ka? Based on my experience, nung nagsimula ako sa graphic design at logo design talagang di pa talaga ako marunung at di ko pa alam kung paano gumawa ng logo. Sa totoo lang madali lang gumawa ng logo kahit sino kaya yan, kaya lang, ang tanong, ano hitsura ng logo mo? syempre kung wala kang knowledge sa logo design malamang lamang panget ang magagawa mong logo. Kaya ang dapat na tanong mo dyan ay paano magdesign ng magandang logo. Kasi, ikaw ngayon pagdrawingin kita ng logo ng ibon tapos sabihin mo logo na to, pero ang panget ng hitsura hindi mukang ibon. Ibig sabihin kahit sino pwedeng sabihin na marunung siya gumawa ng logo pero ang tanong gaano kaganda ang hitsura ng logo?

Posible ba na maging creative ako?

Unahin muna natin kung naituturo ba o posible na maging creative ka, alam mo kasi ang pagiging creative hindi naman yan basta ka nalang magiging creative at magiimbento ng mga symbols or mga kakaibang logo e. Meron pa rin tayong sinusunud na mga guidelines or mga rules. although hindi naman siya talaga bawal, pero kumbaga merong standard pagdating sa design. Merong pinagmumulan ang mga logo na yan may fundamental kumbaga. Kumbaga sa pagbuo ng bahay binubuo mo muna ung pundasyon mo. Ngayon depende nalang sa willingness at sipag mo kung gaano ka magiimprove or mas magiging creative sa mga insights na natutunan mo.

Dito kasi sa ginawa kong libro bnb breakdown ko sa pinakasimpleng paraan kung paano makagawa ng magandang logo gamit ang mga simpleng shapes, lines, atbp.



Pen Tool

Syempre ang numbahwan na kailangan mo sa logo design ay ang makapangyarihang pentool, ito yung pinaka basic na kailangan mo matutunan kumbaga. Ito yung tinutukoy ko na mano mano kasi kahit anong shape kayang gawin ng pentool ang problema hindi siya madali gamitin kaya kailangan nya ng tulong ng kanyang mga super friends para mas maging maganda at malinis yung design.


How to use the pen tool


Ang paggamit lang ng pen tool ay click and drag ibig sabihin magsisimula ka sa isang click tapos idrag mo kung hanggang saan ang gusto mo.

Pwede mo rin iadjust ang anchor points nyan, yun ung mga bilog bilog na nasa dulo at yung mga handles nya.

Once na hinatak mo naman yung handle nya konti nlng yung pwede mo maging option kung saan direction mo siya gusto papuntahin, kaya ang gagawin mo ngayon pputolin mo ngayon yung anchor point para mas maging flexible yung next na handle mo.

Pwede mo rin ihold yung shift button habang ndrag mo yung handle para magpantay siya at magalign talaga.







**so ito yung mga bilog
na gagamitin natin
pwede rin natin gamitin
yung bilog kahit ilan
beses as needed.**




**Ito yung gagawin
natin na logo gamit
ang golden ratio**



implement the circles






**delete the outside circles
with the shape builder tool**




output

adjust as needed

Figure 1**Figure 2****Figure 3****Figure 4****Figure 5****Figure 6****Figure 7****Figure 8**

Dito naman sa mga samples na to figure 1-6 mas minimal na nga yun mga lines na ginawa natin para mas madali marecognize yung symbol natin. Sinusundan pa rin natin ung mga nabuo natin na mga lines at directions galing dun sa reference pero binabawasan or dinadadagan, pinapakapal para maging mas creative ang hitsura niya.

**Figure 9****Figure 10**

Gusto ko lang din ipakita tong version na to kasi para saken sablay talaga to, panget kumbaga, kasi di mo na maintindihan yung hitsura parang nagmuka na rin kasing mata e. Pero pag nagbbrainstorm ka kasi at nattry ka ng mga ibat ibang version ok lang na makagawa ka ng mga panget na versions. Dun mo kasi maikukumpara yung mga versions at makikita ung diperensya kung sino yung mga papasok sa 2nd round kumbaga. Wag kang matakot, kasi minsan dun sa mga panget na versions may makikita kang area na pwede mo pang imodify para mas maging maganda ung logo.

FULL COLOR VERSION FOR WHITE & DARK BACKGROUND



Figure 1
Full color



Figure 2
Full color sa colored bg



Figure 3
Full color sa dark colored bg

Sa mga pinakita na versions hindi mo pwedeng pagbaligtarin yan halimbawa yung pang light background na design hindi mo pwedeng basta basta ilagay sa dark background parang ito sample figure 1 naging negative siya kasi yung pinalitan natin ng kulay ay yung positive space nya kaya kita mo hindi mo na maintndhan kung ano hitsura niya, Ngayon may ibang mga colored backgrounds kagaya netong green natin na napakaflexible at pwede siya kahit sa dark or white versions. Tignan mo nalang din yung kulay marami pa iba basta wag lang ung mga sobrang dark.




Figure 1
Wag gawin white magiging negative ang hitsura




Figure 2
Tamang paraan





Figure 3
Background color pwede kahit anong version

MOODBOARD



TYPOGRAPHY

Running Rooster

Pridi Bold

Running Rooster

Neue Montreal

Running Rooster

Helios

Running Rooster

Dozen Regular

Ito naman yung mga sizing at placement ng ating running rooster, pag nagffinalize kasi ng logo hanggat maari may vertical at horizontal version para pwede mo gamitin sa ibat ibang medium, print or web, ang iintindihin mo nalang dito ay yung sizing ng logo at ng mismong text, pag nagsisimula ka palang at mejo hirap pa sa sizing pwede naman ialign mo lang ang edges ng text at logo o kaya pwede rin naman na imodel mo nInng yung sizing sa mga sikat na logos.

Square



Unahin natin tong square na version kung saan pantay lang ang mga edges ng logomark at ng business name, so balance naman siya tignan, kumbaga halos equal lang yung tingin mo dun sa logo at sa text.



**RUNNING
ROOSTER**

Pag ginawa kasi natin mas maliit yung logomark mejo pangit na tignan kasi hindi na balance at masyadong overwhelming yung running rooster,

Rectangle



Ito naman yung horizontal version na halos parehas lang din ang size mejo mas malaki lang ang logo mark pero parectangle pa rin ang shape nilang dalawa.

Long Rectangle



Pwede rin naman na one line yung running rooster na text hahaba lang talaga siya ng husto, pero pwede to kung sa website o kaya sa ibang platform na kailangan mahaba.

Ito naman susunud na version nakafocus ulit sa pagdagdag ng palong ng manok dun sa taas. Bali dito inextend ko lang yung letter T para mag mukang palong ulit siya ng manok, kahit di siya masyadong mukang palong, ok na rin kasi parehas pa rin siya ng style nung mga letters, tapos mas gumanda yung hitsura ng logo dahil dun sa addition na yun.

RUNNING ROOSTER

Halos same concept lang din tong susunud pero di natin minodify yung mismong letters, nagdagdag nalang tayo simpleng symbol ng palong ulit tapos line na mahaba para irepresent yung mabilis na delivery.

RUNNING ROOSTER

Same concept lang din itong nasa baba pero ginawa lang natin 2 lines yung words niya, tapos nilagay sa gitna nila yung palong, then inigsian para magkasya dun sa words, tapos nagdagdag ng word isa pang line sa taas para mapunan yung negative space, ang sagwa kasi kung magkakaran ng space na malaki sa gitna.

RUNNING ROOSTER

Focus naman tayo sa baba ng text, which is papakita natin yung dashes na nagrerepresent ng delivery or express mga ganun, halos parehas lang din yung approach natin, nilagay lang talaga sa baba yung dashes para mas mukang mabilis.


RUNNING ROOSTER




create a top layer



cut the outside

Kelangan hiwa hiwalay
yung mga parts

choose any gradient color


put gradient on
the top layeradd dark color
for drop shadow effect

final output

Ok so ito yung simpleng process kung paano gawin yung gradient na logo, adjust adjust nyo nalang yung gradient, kung mejo magulo yung tutorial, basta ang susi lang naman jan, yung nakaibabaw na layer, light color, tapos yung heavy at dark na colors yun yung nasa ilalim.



Ngayon tinry ko naman gumawa ng isa pang version kung saan inusog ko ng konti yung rooster sa kanan para magkaron ng space dun sa left side, kasi nilagyan ko ng speed na symbol para mas maganda. Ganun lang naman yan titignan mo lang maigi kung saan mo pwede ipasok yung mga elements para mas gumanda yung combination mark.



Mas simpleng treatment lang ginawa ko dito, pero ok din kinalabasan. Nilagyan ko lang din ng shear effect pataas para atleast pampadagdag sa movement ng logo. Mapapansin nyo din yung line na dinagdag ko dun sa separation ng running at ng mismong brand mark, para mas magmukang magkadikit silang dalawa.

6. MASCOT

A mascot is simply an illustrated character na nagrerepresent ng business mo. Examples neto ay ang logo ng kfc, kool aid, mr peanut, jollibee, mcdo atbp. Maganda ang mascot para sa mga kompanyang pang families and children.



Sa pagdedesign ng mascot na logo/ pwede siyang maging detalyado or illustrative as possible, yung mga nagawa natin na logo halos pasok na rin siya sa category ng mascot kagaya netong mga examples, ito yung mga una nating nagawa kaya pwede nyo na rin iapply yung mga ginawa natin dun sa chapter na yun.



Ang kulang lang siguro na nakikita ko sa logo na nagawa natin ay yung pinaka emosyon or expression nung manok, kasi kadalasan sa mga mascot, talagang nakangiti o kaya naman full of emotions. Kaya kadalasan pag mascot ang ginagawa mong logo, kahit papaano kailangan marunung ka magdrawing, lalo mga caricature, kasi ganun ang style ng mascots, malaki mata, malaki ulo, maliit katawan, kailangan maging creative ka at maalam kahit papaano sa mga gestures or anatomy.

Putting text in the logo

**RUNNING
ROOSTER**

Pili ka ng font na magccompliment dun sa logo mo,



Palakihin mo yung size ng stroke hanggang sa maging ganto yung hitsura.

**RUNNING
ROOSTER**

Gawin mo stroke lang yung color niya.



Dagdag ng details yung mga part na panget.



Patungan mo na ngayon ng text na white or yellow or depende sa color scheme mo.



Pwede mo paliitin ng konti para magmukang malaki yung shadow, pwede rin dagdagan ng yellow stroke or light color, yung outline.

LOGO DESIGN THEMES

